OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by: 
Date: 7-17-23 Time: 1:15

# KAPASIYAHAN BLG. 2023-92

**"NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN AT LUMAGDA SA ISANG MEMORANDUM OF AGREEMENT (MOA) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN AT DREAMSCAPE REALTY CORPORATION, NA KAKATAWANIN NI G. ALAN MANLY SY NA NAUUKOL SA PAGTATAYO NG PABAHAY SA BARANGAY CAMBAOG, BUSTOS, BULACAN."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Soliman C. Santos**

*Tagapangulo*
Lupon sa Pagawaing Bayan, Paggamit ng Lupa at Pabahay

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na mabigyang pahintulot na katawanin at lumagda sa isang Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan at Dreamscape Realty Corporation;

**SAPAGKA'T,** isa ang ating bayan sa mabibigyan ng Pambansang Pabahay Para sa Pilipino: Zero Informal Settler Family (ISF) 2028 Program sa barangay Cambaog, Bustos, Bulacan;

**SAPAGKA'T**, sa ginawang pag-aaral ng Lupon sa Pagawaing Bayan, Paggamit ng Lupa at Pabahay ay napatunayang ang kasunduang ito ay magbibigay daan upang mabigyan ng abot-kaya at ligtas na pabahay sa mga kwalipikadong benepisyaryo mula sa Informal Settler Family (ISF), minimum wage earners, mga pamilyang inilipat mula sa malapit sa panganib, sakuna at iba pang mga miyembro ng mahihirap na komunidad sa bayan ng Bustos, Bulacan.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. SOLIMAN C. SANTOS** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na bigyang pahintulot ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na katawanin ang Pamahalaang Bayan at lumagda sa isang memorandum of agreement

(MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan at Dreamscape Realty Corporation, na kakatawanin ni G. Alan Manly Sy na nauukol sa pagtatayo ng pabahay sa barangay Cambaog, Bustos, Bulacan.

**PINAGTIBAY**, ngayong ika-17 ng Hulyo taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Virgilio S. Paglinawan**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

—— ■ ——

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-17 ng Hulyo taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim